




Patakarang Speak Up



Patakarang Speak Up ng CRH

Nag-aalala ka ba tungkol sa posibleng maling gawain? Halimbawa:

Mayroon akong malulubhang alalahanin tungkol sa kaligtasan sa lugar ko	Pinaghihinalaan ko ang maling paggamit ng mga pondo ng CRH
Parang hindi angkop ang regalong ito para sa customer ng gobyerno	Hiniling sa akin na iulat ang mga oras na hindi ko tinrabaho
Isa ba itong salungatan ng interes?	Pinaghihinalaan ko ang pagnanakaw ng imbentaryo sa lugar ko



Magsalita!

Paano?

Hotline ng CRH www.crhhotline.com O tumawag sa numerong makikita sa poster sa iyong lugar. Maaari mong piliin na manatiling nakatago ang pagkakakilanlan	Legal at Pagsunod Magsalita sa iyong lokal na contact sa Legal at Pagsunod o nakatataas na pamunuan sa Legal at Pagsunod	Pamahalaan ng Negosyo Magsalita sa pamunuan ng iyong lokal na negosyo	Punto ng Pakikipag-ugnayan sa Speak Up (kung saan available) Magsalita sa Punto ng Pakikipag-ugnayan para sa iyong lokal na negosyo	Punto ng Pakikipag-ugnayan para sa Panloloko Magsalita tungkol sa anumang pinaghihinalaan, tinangka, o aktuwal na panloloko/pagnanakaw sa iyong POC para sa Panloloko
---	--	---	--	---

Sineseryoso ng CRH ang lahat ng Ulat sa Speak Up at iimbestigahan nito ang iyong alalahanin

I. Pambungad

Nakatuon ang CRH sa pagsuporta sa lahat ng tao, kasama ang mga kasalukuyan, potensyal, at dating empleyado, independiyenteng kontratista, customer, at supplier sa pagbibigay ng anumang tunay na alalahanin hinggil sa maling gawain sa loob ng CRH. Ang Patakarang Speak Up (ang "Patakaran") na ito ay bahagi ng pangakong ito.

Kung ang isang tao ay may tunay na alalahanin hinggil sa posibleng maling gawain na nauugnay sa Kodigo ng Gawi sa Pagnenegosyo ng CRH, hindi angkop o ilegal na pag-uugali, o mga paglabag sa mga lokal na batas (na pangkalahatang tinutukoy bilang "Maiuulat na Alalahanin"), dapat niyang iulat ito sa ilalim ng Patakaran na ito. Dapat siyang "Magsalita".

Halimbawa ng Mga Maiuulat na Alalahanin para sa layunin ng Patakaran na ito ang mga tunay na alalahaning nauugnay sa alinman sa mga sumusunod:

- Mga Legal na Obligasyon:** kabiguang sumunod sa anumang legal na obligasyon (kasama sa mga halimbawa ang mga alalahaning nauugnay sa pagbili para sa publiko (public procurement), proteksyon ng mamimili, pag-uulat/pangangasiwa ng talaan para sa o hindi para sa pananalapi), maliban sa Mga Alalahanin sa Pagtatrabaho gaya ng inilarawan sa ibaba
- Mga paglabag na nauugnay sa Kalusugan at Kaligtasan:** anumang alalahanin sa kalusugan, kaligtasan, o kapaligiran (kasama sa mga halimbawa ang kaligtasan sa transportasyon, proteksyon ng kapaligiran, kalusugan ng publiko, kaligtasan ng produkto, at pagsunod)
- Mga Pagkakasala sa Batas:** anumang pagkakasala sa batas (kasama sa mga halimbawa ang panloloko, pagnanakaw, mga paglabag na nauugnay sa antitrust/kompetisyon, panunuhol at katiwalian)
- Mga paglabag na nauugnay sa Seguridad:** anumang banta sa proteksyon ng personal na data at seguridad ng mga sistema ng network at impormasyon
- Hindi etikal na pag-uugali:** anumang paglabag sa Kodigo ng Gawi sa Pagnenegosyo ng CRH, maliban sa Mga Alalahanin sa Pagtatrabaho gaya ng inilarawan sa ibaba
- Mga gawing nagdudulot ng pinsala sa CRH o sa mga tao nito:** anumang paglabag sa patakaran ng CRH na maaaring magdulot ng pinsala sa CRH at/o sa mga tao nito, maliban sa Mga Alalahanin sa Pagtatrabaho gaya ng inilarawan sa ibaba; at
- Paghihiganti:** anumang alalahanin sa paghihiganti para sa Pagsasalita

Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng Patakaran na ito, hindi kasama sa Mga Maiuulat na Alalahanin ang, at hindi nilalayan ang Patakaran na ito na ilapat sa:

Mga Alalahanin sa Pagtatrabaho Ang bawat negosyo ng CRH ay may ipinapatupad na mga patakaran at pamamaraan na nauugnay sa empleyado ("Mga Patakaran sa Pagtatrabaho") para tugunan ang mga alalahanin, reklamo, at isyu ng empleyado tungkol sa (1) kanilang pakikibahagi sa kanilang mga supervisor, pamahalaan ng kompanya, at ibang empleyado, at (2) mga tuntunin at kondisyon ng kanilang pagtatrabaho. Kung may ganitong uri ng reklamo ang empleyado, tinutukoy ito bilang "Alalahanin sa Pagtatrabaho". Nangangailangan ang angkop na pangangasiwa ng mga alalahaning ito ng masusing kaalaman ng mga nauugnay na patakaran ng negosyo at Mga Patakaran sa Pagtatrabaho

nito, pati ng mga lokal na batas. Samakatuwid, pinakamahasay na nareresolba ang mga ito ayon sa sariling mga patakaran at pamamaraan sa pag-iimbestiga ng negosyo. Hindi pinapalitan ng Patakaran na ito ang mga regular na linya para sa pag-uulat o pamamaraan para sa mga reklamo sa loob ng mga lokal na nagpapatakabong kompanya.

Mga Emergency Dapat agad na iulat ang mga ito sa mga nauugnay na lokal na awtoridad.

Patakarang Speak Up ng CRH, ipinagpatuloy

II. Mga Paraan para Magsalita

Gumawa ang CRH ng iba't ibang paraan para Magsalita tungkol sa Mga Maiuulat na Alalahanin ("Mga Ulat sa Speak Up") at nakatuon ito sa pangangasiwa ng anumang alalahanin nang naaangkop at kumpidensiyal.

Anuman ang ginamit na channel ng pag-uulat, ang lahat ng Maiuulat na Alalahanin ay dapat iulat sa lalong madaling panahon. Maraming paraan para Magsalita sa loob ng CRH:

Pamahalaan ng Negosyo: Hinihikayat ang mga empleyado na Magsalita sa pamunuan ng kanilang lokal na nagpapatakong kompanya.

POC sa Speak Up: Tinukoy ng ilang partikular na negosyo ng CRH ang panloob, walang kinikilingan, at maaasahang Punto ng Pakikipag-ugnayan sa Speak Up ("POC sa Speak Up"), na isang dedikadong dulugan sa loob ng negosyo para sa pagtanggap ng Mga Ulat sa Speak Up. Maaaring makipag-ugnayan sa mga indibidwal na ito sa pamamagitan ng telepono, email, o sa personal. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat Speak Up POC ay ibinibigay sa Appendix I.

POC para sa Panloloko: Kung panloloko o pagnanakaw ang naganap, may Mga Punto ng Pakikipag-ugnayan para sa Panloloko na tinukoy sa loob ng mga negosyo, at maaaring iulat sa Punto ng Pakikipag-ugnayan para sa Panloloko ang lahat ng aktuwal, pinaghihinalaan, o tinangkang panloloko

Hotline: Maaaring isumite ang Mga Ulat sa Speak Up nang kumpidensiyal, sa iba't ibang wika, sa pamamagitan ng telepono o online, sa Hotline ng CRH: www.crhhotline.com. Ang Pandaigdigang Pinuno ng Pagsunod (Global Head of Compliance) at mga panrehiyong team sa Legal at Pagsunod ng CRH ang nangangasiwa sa pagtanggap at pag-iimbestiga ng lahat ng Ulat sa Speak Up na natanggap sa pamamagitan ng Hotline ng CRH. Hino-host ng independiyenteng ikatlong partido ang Hotline ng CRH. Maaaring subaybayan ng mga nag-uulat ang kalagayan ng kanilang ulat at maaari silang makipag-ugnayan sa CRH sa pamamagitan ng Hotline.

Maaari ding isumite ang mga ulat nang walang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Hotline ng CRH. Kung pipiliin ng Nag-uulat na manatiling nakatago ang pagkakakilanlan, walang kokolektahing impormasyon tungkol sa kanyang pagkakakilanlan. Kapag nagawa na ang ulat, ibibigay lang ng ikatlong partido sa CRH ang mga detalyeng ibinigay ng Nag-uulat. Sa pagsusumite ng ulat sa Hotline ng CRH, bibigyan ang Nag-uulat ng natatanging ID at password, na magagamit para masubaybayan ang kalagayan ng ulat nang walang pagkakakilanlan sa www.crhhotline.com (o sa pamamagitan ng muling pagtawag sa Hotline ng CRH). Binibigyan din ng ID at password ang Nag-uulat ng access sa mga mensahe mula sa CRH tungkol sa kanyang ulat at nagbibigay-daan din ang mga ito sa Nag-uulat na mag-iwan ng mga walang pagkakakilanlang mensahe. Nagbibigay-daan ito para sa patuloy na walang pagkakakilanlang komunikasyon sa pagitan ng Nag-uulat at CRH, na maaaring hindi posible kapag gumagamit ng ibang channel para sa pag-uulat.

Legal at Pagsunod: Maaari ding Magsalita ang Mga Nag-uulat sa kanilang lokal na contact sa Legal at Pagsunod o sa alinman sa mga hinirang na nakatataas na pinunong nakalista sa ibaba (ibinibigay ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Seksiyon VI.)

III. Ang Aming Patakaran

Nakatuon ang CRH sa:

Pagtiyak na ang sinumang may Maiuulat na Alalahanin ay may sapat na channel kung saan Makakapagsalita sa paraang seguro at kumpidensiyal at, kung hihilingin nila, nakatago ang pagkakakilanlan

Pagtukoy ng mga maaasahang tao na mag-iimbestiga sa Mga Ulat sa Speak Up nang walang kinikilingan

Pag-follow up sa Mga Nag-uulat sa Speak Up gaya ng naaangkop tungkol sa kalagayan ng imbestigasyon sa kanilang Maiuulat na Alalahanin

Pagtrato sa lahat ng partido na nauugnay sa imbestigasyon ng Ulat sa Speak Up nang patas at may paggalang

Pagtrato sa Mga Ulat at imbestigasyon sa Speak Up nang may pinakamataas na antas ng pagiging kumpidensiyal, gaya ng naaangkop sa mga pangyayari

Pagsusuri ng mga impormasyong itinatag ng imbestigasyon sa Speak Up para matukoy kung anong pamamagitan at/o aksiyong pandisiplina, kung mayroon man, ang dapat isaalang-alang

Paggawa ng lahat ng makatuwirang hakbang para protektahan ang Nag-uulat sa Speak Up at maglapat ng pamamaraang hindi nagpapahintulot sa anumang paghihiganti para sa pag-uulat ng Maiuulat na Alalahanin alinsunod sa mga lokal na batas (tandaang hindi nito pinoprotektahan ang Nag-uulat sa Speak Up mula sa anumang aksiyong pandisiplina na maaaring kailanganin dahil sa kanyang sariling mga pagkilos)

Pagprotekta, hangga't maaari, sa sensitibong impormasyon ng kompanya at personal na impormasyon na maaaring maisiwalat habang gumagawa ng Ulat sa Speak Up o sa proseso ng pag-iimbestiga (para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Mga Madalas Itanong sa Speak Up, Appendix 2)

Ang anumang anyo ng paghihiganti para sa Pagsasalita ay paglabag sa Patakaran na ito at sa Kodigo ng Gawi sa Pagnenegosyo ng CRH at tutugunan ito sa pamamagitan ng aksiyong pandisiplina. Hindi parurusahan o daranas ng anumang masamang pagtrato ang Mga Nag-uulat sa Speak Up para sa pag-uulat ng tunay na alalahanin hinggil sa maling gawain. Gayunpaman, hindi palalagpasin ang pagsusumite ng sadyang maling Ulat sa Speak Up at maaaring gumawa ang CRH ng aksiyong pandisiplina alinsunod sa lokal na batas. Maaaring iulat ang anumang gawi ng kriminal sa mga lokal na ahensiya sa pagpapatupad ng batas.

IV. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Lahat ng Empleyado:

- Magsalita kung mayroon silang Maiuulat na Alalahanin
- Basahin at unawain ang Patakaran na ito
- Lumahok sa anumang nauugnay na programa sa pagsasanay na ibinigay

Pamahalaan ng Negosyo*:

- Mamuno nang may integridad at pagtibayin ang mga pinahalagahan ng CRH
- Isabuhay ang kultura ng Speak Up at gumawa ng kapaligiran kung saan komportable ang mga empleyado sa Pagsasalita sa pamahalaan ng negosyo
- Tiyaking nakapaskil ang mga poster sa Speak Up sa lahat ng lugar
- Tiyaking naiimbestigahan ang bawat Ulat sa Speak Up na natanggap ng negosyo ng maaasahan at walang kinikilingang tao ("Imbestigador sa Speak Up") at na isinasagawa ang angkop na pagkilos
- Panatiliing kumpidensiyal ang mga pagkakakilanlan ng Mga Nag-uulat, kung magagawa ito
- Magpatupad ng mga angkop na patakaran laban sa paghihiganti alinsunod sa lokal na batas
- Gumawa ng mga aksiyong pandisiplina na maaaring naaangkop kung sakaling magkaroon ng paghihiganti

* Makipag-ugnayan sa Legal at Pagsunod para sa mga karagdagang mapagkukunan para makatulong sa mga responsibilidad na ito



Patakarang Speak Up ng CRH, ipinagpatuloy

Mga Imbestigador sa Speak Up:

- Magsagawa ng mga walang kinikilingang imbestigasyon sa lahat ng Ulat sa Speak Up na itinalaga sa kanila sa ilalim ng Patakarang na ito
- Panatilihin kumpidensiyal ang mga pagkakakilanlan ng Mga Nag-uulat, kung magagawa ito
- Lumahok sa pagsasanay sa Imbestigasyon sa Speak Up
- Gumawa ng mga kinakailangang hakbang, kasama ng pamahalaan ng negosyo, para maipatupad ang mga angkop na patakaran laban sa paghihiganti alinsunod sa mga lokal na batas

Legal at Pagsunod

- Pangasiwaan ang Patakarang na ito, kasama ang, pero hindi limitado sa:
 - Pakikipagtulungan sa pamahalaan ng negosyo sa buong organisasyon sa paglalapat ng Patakarang na ito (nang may suporta ng Panloob na Pag-audit at Seguridad, kung kinakailangan)
 - Pagsubaybay ng pagtanggap at imbestigasyon ng lahat ng Ulat sa Speak Up na natanggap sa pamamagitan ng Hotline ng CRH
 - Pagbibigay ng legal na payo, mga pagtatasa ng pagsunod, at mga programa sa pagsasanay

Sa kabila ng anumang nasa Patakarang na ito, nakalaan ang karapatan ng CRH na baguhin ang pamamaraan nito sa pagsasaalang-alang ng mga kalagayan ng ulat at mga lokal na batas.

V. Mga Nauugnay na Detalye sa Pakikipag-ugnayan

Kung sakaling magkaroon ng anumang tanong tungkol sa Patakarang na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na contact sa Legal at Pagsunod o sa sinumang nakalista sa ibaba.

Responsibilidad	Pangalan	Email
Legal at Pagsunod		
Pandaigdigang Pinuno ng Pagsunod (Global Head of Compliance)	Elizabeth Upton	eupton@crh.com
Europa/Asya – Tagapamahala ng Pagsunod	Barbara Przedpelska	bprzedpelska@crh.com
Hilagang Amerika – Tagapamahala ng Pagsunod	Martha Burke	martha.burke@crh.com
Europa/Asya – Pangkalahatang Abogado	Niamh Flood	nflood@crh.com
Hilagang Amerika – Bise Presidente at Pangkalahatang Abogado	Dave Toolan	david.toolan@crh.com
Panloob na Pag-audit		
Pinuno ng Panloob na Pag-audit	Herbie Graham	hgraham@crh.com
Europa/Asya – Direktor ng Panloob na Pag-audit	Grant Hourigan	ghourigan@crh.com
Hilagang Amerika – Direktor ng Panloob na Pag-audit	Damien Mahony	dmahony@crh.com
Seguridad		
Pandaigdigang Pinuno ng Seguridad	Mark Wolsey	mwolsey@crh.com
Europa/Asya – Direktor ng Seguridad	Steve Barry	sbarry@crh.com
Hilagang Amerika – Direktor ng Seguridad	Cindy Coppola	cindy.coppola@crh.com

VI. Pandagdag na Dokumentasyon

- [Mga Madalas Itanong sa Speak Up](#)
- [Kodigo ng Gawi sa Pagnenegosyo](#)

Appendix I

Mga Punto ng Pakikipag-ugnayan sa Speak Up

Location	Country	Email	Phone Number
Marlux Klaps	Belgium	speakup@marlux.com	+32 479 871 813
Ergon Belgium	Belgium	SpeakUp@crh-sc.be	+32 (03) 490 04 04
Prefaco - Omnidal	Belgium	SpeakUp@crh-sc.be	+32 (03) 490 04 04
Schelfhout	Belgium	SpeakUp@crh-sc.be	+32 (03) 490 04 04
Rudus	Finland	speakup@rudus.fi	+358 204 474 244
EHL	Germany	speakup@ehl.de	+49 (0) 800 222 2375
Ferrobeton	Hungary	speakup@ferrobeton.hu	+36 307 995 774
CRH Stonemasons Way	Ireland	speakup@crh.com	
Irish Cement	Ireland	SpeakUp@ICLLimerick.com	+353 61 487 255
Roadstone Limited	Ireland	speakup@roadstone.ie	14041299
Dycore	Netherlands	SpeakUp@drbg.nl	+31 610 394 820
Polbruk	Poland	speakup@polbruk.pl	+48 451 151 809
Halfen Produkcja Sp. Z o.o - Nowe Skalmierzyce	Poland	speakup.pl@leviat.com	
Ozarów Group	Poland	speakup@ozarow.com.pl	+48 451 169 627
Trzuskawica	Poland	speakup@trzuskawica.pl	+48 789 125 730
Elpreco	Romania	SpeakUp@elpreco.ro	+40 756 151 864
ROMCIM	Romania	SpeakUp@romcim.ro	+40 756 151 864
CRH Slovakia	Slovakia	SpeakUp@danucem.com	+421 (0) 800 174 183
Jura	Switzerland	SpeakUp@juramaterials.ch	+41 792 240 902